（公財）佐賀県国際交流協会
Saga Prefecture International Relations Association

タガログ語

The Living Guide for FOREIGNERS living in SAGA.

＊If you have any difficulty living in Saga, please don't hesitate to contact us any time.

Oras ng Pagkonsulta	Mga Lenggwaheng Ginagamit sa Konsultasyon	Lokasyon ng Konsultasyon
Lunes hanggang Biyernes 9:00a.m.-5:00p.m. sarado ng Sabado, Linggo, at holiday	Nihongo Ingles Chinese Korea	Saga International Plaza, Saga Shoko Building, 1st Floor 2-1-12 Shirayama, Saga City TEL:0952-22-7830 (ang numero ng telepono na ito ay eksklusibo para sa mga taong gustong kumonsulta) E-mail：info@spira.or.jp

＊ Libre ang konsultasyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa batas (“free legal advice”) ngunit kailangang magpa-schedule para dito. Maliban na lamang kung oras ng “emergency,” maaaring kumonsulta kahit hindi nakapagpa-schedule.



- Para sa mga nagnanais magpunta sa ospital ngunit hindi marunong magsalita ng Nihongo
- Para sa mga nagnanais ng impormasyon tungkol sa pribado (“one-on-one”) o pang-grupong pag-aaral ng Nihongo!
- Para sa mga nagnanais ng impormasyon tungkol sa mga “available” na programa!
- Para sa mga nagnanais na makisalamuha sa ibang lahi at maunawaan ang mga bagay-bagay tungkol sa ibat ibang bansa!

Ang sinumang interesado...

Maaaring bumisita sa aming “website” o kaya naman ay kontakin kami sa pamamagitan ng telepono o “e-mail address.” Maaari din kaming kontakin para sa iba pang mga katanungan.

URL : https://www.spira.or.jp/

Mga Numero ng Telepono na Maaaring Tawagan sa Oras ng “Emergency”

WARNING!

Aksidente sa kalsada may kinalaman sa mga sasakyan

Krimen

「じこです。きてください」
Jiko desu. Kite kudasai.
Naaksidente ako./Nakaaksidente ako. Pakiusap magpunta ka dito.
「たすけてください」
Tasukete kudasai.
Pakiusap tulungan mo/ninyo ako.

POLICE
☎110
(Pulis)

Emergency
Biglaang pagsama ng pakiramdam o pagkakaroon ng matinding sugat at hindi kayang magpunta ng mag-isa sa ospital

Sunog

「きゅうびょうです / けがです。きてください」
Kyubyo desu. / Kega desu. Kite kudasai.
Biglang sumama ang pakiramdam ko./ Na-injure ako. Pakiusap magpunta ka dito.
「かじです。きてください」
Kaji desu. Kite kudasai.
May sunog dito. Pakiusap magpunta ka dito.

☎119
(Ambulansiya・Bumbero)

Ang serbisyo ng ambulansiya sa Japan ay walang bayad. Subalit pakiusap gamitin lamang ito sa oras ng “emergency” o kaya naman ay sa pagkakataong hindi kayang magpunta ng mag-isa sa ospital.

最寄りの避難所
Pinakamalapit na “Evacuation Site”

連絡してください。
Pakiusap tawagan mo ang...

連れていってください。
Pakiusap dalhin mo ako sa...

警察署 Istasyon ng Pulis
消防署 Gusali ng Bumbero
市役所 “City Hall”
避難所 “Evacuation Center”
病院 Ospital

この料理には、この材料が入っていますか？
Ang pagkain bang ito ay naglalaman ng sahog/sangkap na ito?

大豆 “beans”	乳製品 “dairy products” (gatas, keso, “butter,” atbp.)	エビ・カニ hipon, alimasag	豚肉 karne ng baboy
小麦 “wheat” (trigo, harina, atbp.)	鶏肉 karne ng manok	ピーナッツ mani	卵 itlog
そば soba (Japanese buckwheat noodles”)	牛肉 karne ng baka	魚類 isda	はちみつ “honey”

Pakiusap Isulat sa Nihongo

名前
Pangalan
住所
Tirahan
電話番号
Numero ng Telepono
生年月日
Petsa ng Kapanganakan
性別
Kasarian
血液型
“Blood Type”
国籍
Nasyonalidad
話せる言語
Lenggwahe na Kayang Salitain
大使館の電話番号
Numero ng Telepono ng “Embassy”
緊急連絡先（日本）
Numero ng Telepono sa Japan na Maaaring Tawagan sa Oras ng “Emergency”
かかっている病気
Karamdaman/Sakit
飲んでいる薬
Iniinom na Gamot
宗教
Relihiyon
アレルギー、食べられないもの
“Allergy”/ Mga pagkaing hindi maaaring kainin

Mga Ospital na Bukas ng Gabi, Sabado, at Linggo

- Kung magkasakit o masugatan ng Gabi, Sabado o Linggo, maaaring magpakonsulta sa mga ospital na nakalista sa ibaba.
- Gamit ang Wikang Ingles ay maaaring maghanap ng mga ospital na matatagpuan sa loob ng Saga Prefecture sa “website” na http://www.qq.pref.saga.jp/
- Dalhin sa ospital ang iyong “health insurance card” at kung mayroon man, pati na rin ang mga gamot na nireseta mula sa ibang ospital.
- Mayroong pagkakataon na nagbabago ang schedule ng ospital. Upang makasiguro sa schedule, makabubuting tumawag muna bago magpunta.

※ Ang “Year-end & New Year’s Holiday” ay tumutukoy sa petsa mula Disyembre 31 hanggang Enero 3.

Komunidad	Ospital	Numero ng Telepono	Schedule
Saga City	【Pediatric】 Sagashi Kyujitsu Yakan Kodomo Shinryojo	0952-24-1400	Lunes hanggang Biyernes/ 8:00 p.m.-10:00 p.m. Sabado/5:00 p.m.-10:00 p.m. Linggo, Holiday, Year-end & New Year’s Holiday/ 9:00 a.m.-10:00 p.m.
	【Dentistry】 Sagashi Kyujitsu Shika Shinryojo	0952-24-1426	Linggo, Holiday, Year-end & New Year’s Holiday, Agosto 15/9:30 a.m.-3:30 p.m.
Tosu City	【Internal Medicine/Pediatric/Surgery】 Tosushi Kyujitsu Kyukyu Iryo Senta	0942-83-0119	Linggo, Holiday, Year-end & New Year’s Holiday/ 9:00 a.m.-6:30 p.m.
Karatsu City	【Internal Medicine/Surgery】 Karatsu Kyukyu Iryo Senta	0955-75-5199	【Internal Medicine/Surgery】 Linggo, Holiday, Year-end & New Year’s Holiday, Substitute Holiday (magkakaroon ng holiday ng weekday kung ang mismong araw ng holiday ay natapat ng weekend)/ 9:00 a.m.-9:00 p.m.
Imari City	【Internal Medicine/Pediatric/Surgery】 Imarishi Kyujitsu, Yakan Kyukan Iryo Senta	0955-23-9910	【Pediatric】 Lunes hanggang Biyernes/ 8:00 p.m.-10:00 p.m. 【Pediatric/Internal Medicine/Surgery】 Linggo, Holiday, Year-end & New Year’s Holiday/ 9:00 a.m.-5:00 p.m.
Takeo City	【Emergency Department/Pediatric】 Takeochiku Kyujitsu Kyukan Senta	0954-22-5599	【Pediatric】 araw-araw/7:00 p.m.-9:00 p.m. 【Pediatric/Emergency Department】 Linggo, Holiday, Year-end & New Year’s Holiday/ 9:00 a.m.-5:00 p.m.
Kashima City	【Pediatric】 Kashima Kyujitsu Kodomo Kurinikku	0954-63-1838	【Pediatric】 Linggo, Holiday, New Year (Enero 1 hanggang Enero 3)/9:00 a.m.-5:00 p.m.
	【Pediatric】 Kashima Jikan-gai Kodomo Kurinikku		【Pediatric】 Miyerkules/7:00 p.m.-9:00 p.m. (hindi kasama ang Enero 1 hanggang Enero 3)

・The AMDA International Medical Information Center
Ang center na ito ay naglalayong magbigay ng impormasyon sa iba’t ibang lenggwahe. Ito ay nagrerekomenda ng mga medikal na institusyon (ospital, “rehabilitation center,” atbp.) at nagbibigay impormasyon tungkol sa mga serbisyong ibinibigay ng gobyerno may kinalaman sa medikal na pangangailangan ng publiko (“medical welfare system”). Ang mga impormasyong ito ay ibinibigay ng naaayon sa lenggwaheng nauunawaan ng kumukonsulta. http://amda-imic.com/

Tokyo Center ☎03-5285-8088	Wikang Ingles/Chinese/Thailand/ Korea/Espanyol	araw-araw	9:00 a.m.-8:00 p.m.
	Wikang Portugal	Lunes, Miyerkules, Biyernes	9:00 a.m.-5:00 p.m.
	Wikang Tagalog	Miyerkules	1:00 p.m.-5:00 p.m.
	Wikang Vietnam	Huwebes	1:00 p.m.-5:00 p.m.

NANAKAW/NAWALA

ATM Card

Saga Bank	☎ 0120-789-525
Post Office Bank	☎ 0120-794-889

Passport Kontakin ang “embassy” o konsul ng iyong bansa.

Consulate-General of the Republic of the Philippines in Osaka/Kobe
〒540-6124 大阪市中央区城見2-1-61 Twin21 MIDタワー24階 ☎06-6910-7881

Residence Card Kontakin ang opisina ng imigrasyon na nakatalaga sa iyong komunidad.

〒840-0801 佐賀市駅前中央３丁目3−20 佐賀第２合同庁舎６階
☎0952-36-6262

Driver’s License
Mag-request ng panibagong lisensiya sa ahensiya na nakatalaga sa iyong komunidad.

Saga Prefectural Police Driver’s License Center
〒849-0901 佐賀市久保泉町大字川久保 2121−26
☎0952-98-2220

Pitaka/Bisikleta Magtanong sa pinakamalapit na Istasyon ng Pulis.

Mga uri ng impormasyon tungkol sa paglikas

Ibat ibang antas ng alerto o babala	Mga impormasyon sa paglikas.	Mga hakbang na dapat gawin(ano ang dapat kong gawin)sa oras na naglabas ng mga antas ng alerto.
Alerto na nasa ika-5 antas	Katiyakan ng kaligtasan sa oras ng sakuna. 緊急安全確保	Ang alerto na nasa antas na ika-5 na ay delikado na at mahirap na para sa paglikas at may banta na sa iyong buhay. Kumilos agad.
Siguraduhin na kapag ang antas ng alerto ay nasa ika-4 na ay kailangan na agad lumikas.		
Alerto na nasa ika-4 antas	Kautusan sa mga paglikas. 避難指示	Ang lahat ay dapat lumikas na sa isang ligtas na lugar. (Mga itinalagang ligtas na lugar kung saan hindi inaabot ng baha at pag-guho ng lupa.)
Alerto na nasa ika-3 antas	Paglikas sa mga matatanda. 高齢者等避難	Maghanda para sa paglikas. Para sa mga taong mas mahaba ang pagsasagawa ng paglikas ay dapat na pumunta na sa ligtas na lugar agad.
Alerto na nasa 1 o 2 antas	Mga babala para sa malakas na pag-ulan, baha, pag-apaw ng tubig dagat o ilog at iba pa. 大雨、洪水、高潮などの注意報	Magsama-sama at makibalita tungkol sa mga impormasyon sa paghahanda sa sakuna.

Ang mga salita tungkol sa mga “Paalala at hakbang sa paglikas” ay laging ipinapakita sa TV at Internet sa oras na may sakuna. Dapat na ito ay tandaan dahil ito ay nasa wikang Hapon. Kung hindi mo alam ang iyong gagawin ay humingi ng tulong sa mga Hapones na malapit sa iyong lugar.

“Humingi ng tulong.” =「たすけてください Tasuketekudasai.」

Mga Istasyon ng Radyo

～ Mangalap ng tamang impormasyon sa pamamagitan ng radyo. ～

AM			FM		
NBC Radio Saga	Imari	1116	FM Saga	Saga	77.9
	Saga, Karatsu, Arita	1458		Tosu	79.7
NHK Saga	Imari	531		Arita	79.9
	Saga	963	NHK FM Saga	Saga	81.6
	Karatsu	1584		Hizen Arita	88.9
			FM Karatsu	Karatsu	86.8
			Ebisu FM	Saga	89.6

BAGYO / BAHA

Mga Dapat Gawin Bago Dumating ang Bagyo

■Ipasok sa loob ng bahay ang mga kagamitan na nasa hardin/beranda o kaya naman ay patibayin na lamang ang pundasyon ng mga ito upang matiyak na hindi ito kakayaning tangayin ng malakas na hangin.

■Ihanda ang “flashlight” at radyo dahil may pagkakataong nawawalan ng kuryente kapag may bagyo.

■Patibayin ang bintana gamit ang “tape.” Isarado ang *amado* (isang uri ng shutter), “shutter,” at kurtina.

■Ihanda ang mga pagkain at mga kagamitan na kakailanganin sa paglikas.

■Maging mapagbantay sa mga balita sa telebisyon at radyo tungkol sa kondisyon ng panahon.

Dumating na ang Bagyo!

■Huwag lumabas ng bahay.

■Huwag magpunta sa mga lugar na malapit sa dagat, ilog, irigasyon ng tubig sa palayan, at sa mga lugar na posibleng mag-landslide.

■Maging mapagbantay sa mga balita tungkol sa kondisyon ng panahon at lumikas kapag inirekomenda ang paglikas.

■Maglakad lamang sa paglikas. Sa paglalakad sa lugar na may baha, magdala ng bagay na maaaring gamitin pantungkod tulad ng mahabang “stick” at mag-ingat sa mga kanal at butas sa kalsada.

LINDOL

Kung Ikaw ay Nasa Loob ng Gusali

Magtago sa mga lugar tulad ng ilalim ng lamesa at dito ay maghintay hanggang tumigil ang pagyanig.

【 Bahay 】

Patayin ang apoy.

Buksan ang mga bintana at pintuan. (Ito ay upang makasiguro na ikaw ay may malalabasan.)

【 Mga lugar tulad ng mall at sinehan 】

Alamin ang lokasyon ng Fire Exit.
Kumilos ng kalmado.

Protect your head

NEVER use an elevator

Follow the staff's instructions

【Loob ng “elevator”】

・Pindutin ang “alarm button” at ang lahat ng “button” para sa lahat ng palapag sa loob ng gusali. Lumabas sa palapag kung saan hihinto ang “elevator.”

Tamang Impormasyon

Kalmadong kumilos ng naaayon sa tamang impormasyon.

Kung Ikaw ay Nasa Labas ng Gusali

Protektahan ang ulo gamit ang “bag” o anupamang bagay.

Huwag lumapit sa pader o masikip na kalsada.

Kung sakaling ikaw ay nasa lugar na malapit sa dagat, ilog at “cliff,” hangga’t maaari ay magpakalayo mula sa iyong kinaroroonan.

【 Sasakyan 】

・Huminto ng dahan-dahan sa kaliwang bahagi ng kalsada.
・Kung iiwanan ang sasakyan, hayaang nasuksok ang susi nito at umalis dala ang rehistro ng sasakyan pati ang iba pang mahahalagang bagay.

【 Bus, Tren 】

・Sumunod sa instruksiyon ng mga tagapangasiwa ng bus at tren.

Kung sakaling dumating ang “Tsunami”...

①May pagkakataon na dumarating ang “tsunami” kasunod ng malakas na lindol.

②Siguraduhing huwag pupunta sa lugar na malapit sa dagat o ilog.

③ Hangga’t maaari ay agad na lumikas papunta sa mataas na lugar, malayo sa dagat. May pagkakataon na paulit-ulit ang pagdating ng “tsunami.”

Kung sakaling magkaroon ng Sunog...

①Agad na ipamalita.

Ipamalita sa mga kapitbahay.

Tumawag sa “119.”

②Agad na patayin ang apoy.

Habang maliit pa ang apoy ay patayin agad ito gamit ang “fire extinguisher” o tubig.

③Agad na lumikas.

Agad na lumikas kapag umabot sa kisame ang apoy. Upang hindi makalanghap ng usok, takpan ng maigi ang ilong at bibig gamit ang basang panyo o anupamang bagay at lumikas ng nakayuko o nakabaluktot ang likod.



Mga Hakbang sa Paggamit ng Fire Extinguisher

①Tanggalin ang “safety pin.”

②Itutok ang dulo ng “hose” sa pinagmumulan ng apoy.

③Hawakan ng mahigpit ang “lever.”

Mga Kapaki-pakinabang na Nihongo

わたし の なまえ は ○○ です。 Watashi no namae wa ○○ desu.	My name is ○○. Ang pangalan ko ay ○○.
でんわばんごう は ○○ です。 Denwa ban-go wa ○○ desu.	My phone number is ○○. Ang numero ng aking telepono ay ○○.
ばしょ は ○○ です。 Basho wa ○○ desu.	I am at ○○./ I am in ○○. Nandito ako sa ○○.
○○は なんですか？ ○○ wa nan desuka?	What is ○○? Ano yung ○○?
○○は いつですか？ ○○ wa itsu desuka?	When is ○○? Kailan yung ○○?
いくら ですか？ Ikura desuka?	How much is it? Magkano?
○○ が ほしい です。 ○○ ga hoshii desu.	I want to get ○○. Gusto ko ng ○○.
どうしたら いいですか？ Dou shitara iidesuka?	What should I do? Ano ang dapat kong gawin?
○○が あります。/○○が ありません。 ○○ ga arimasu./○○ ga arimasen.	I have ○○./ I don’t have ○○. Mayroon akong ○○./ Wala akong ○○.

～は どこ ですか？ ～wa doko desuka? — Where is ～? Saan ko matatagpuan ang _____ ?

～が 痛いです。 ～ga itai desu. — My ～ hurts. Masakit ang _____ ko.

場所	Basho	Places	Lugar
市役所	shiyakusho	city hall “city hall”	
保健所	hokenjo	public health center “health center”	
病院	byoin	hospital ospital	
入国管理局	nyukoku kanri kyoku	immigration office opisina ng imigrasyon	
駅	eki	station istasyon (bus/tren)	
スーパー	su-pa	supermarket “supermarket”	
トイレ	toire	wash room banyo	
避難所	hinanjo	refuge/evacuation site “evacuation center”	

体	Karada	Body parts	Mga Parte ng Katawan
頭	atama	head	ulo
おなか	onaka	stomach	tiyan
手	te	hand	kamay
足	ashi	leg	paa
ここ	koko	here(to point)	dito (ituro)

人	Hito	Family members	Tao
父	chichi	father	tatay
母	haha	mother	nanay
夫	otto	husband	asawang lalaki
妻	tsuma	wife	asawang babae
子ども	kodomo	child	anak
女	onna	woman	babae
男	otoko	man	lalaki

避難所とは

Sa “Evacuation Center” ay...

1. Ito ay lugar kung saan maaaring pansamantalang manirahan kung ng dahil sa kalamidad ay nasira ang iyong bahay o sa anupamang kadahilanang dulot ng pinsala ng kalamidad ay hindi ka makauwi sa iyong tirahan.
2. Libre at kahit sino ay maaaring makapasok.
3. Sa “evacuation center” ay ipinamamahagi ang tubig, pagkain, “blanket” (makapal na kumot), atbp .

Iba’t Ibang Uri ng “Evacuation Center”	Deskripsiyon	Ang Aking Mga “Evacuation Center”
浸水時緊急避難施設 Shinsuiji Kinkyu Hinan Shisetsu	Ito ay lugar kung saan maaaring pansamantalang manatili sa oras ng emergency tulad ng “tsunami” o baha.	Pangalan ng Gusali “Address”
指定緊急避難場所 Shitei Kinkyu Hinan Basho	Ito ay lugar kung saan maaaring pansamantalang manatili upang makatas sa panganib na dulot ng kalamidad at mapangalagaan ang sariling kaligtasan.	Pangalan ng Gusali “Address”
指定避難所 Shitei Hinanjo	Ito ay lugar kung saan ang mga taong apektado ng kalamidad o posibleng maapektuhan ng nanganganib dumating na kalamidad ay maaaring manatili sa loob ng itinakdang panahon. May mga pagkakataon na ang lugar na itinalaga bilang “Shitei Hinanjo” at “Shitei Kinkyu Hinan Basho” ay iisang lugar lamang.	Pangalan ng Gusali “Address”

Sa “Evacuation Center” ay...

1. Sa oras ng kalamidad, madalas na ang mga lugar tulad ng “community hall,” eskwelahang pang-elementarya at junior hayskul, ang nagiging “evacuation center.”
2. Maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa kalamidad.
3. Maraming tao. Maraming panuntunan. Mamuhay tayo dito ng may pagkakaisa.

Halimbawa...

- Maghubad ng sapatos sa loob ng “evacuation center”
- Paraan ng paggamit ng banyo at pagtatapon ng basura
- Oras at dami ng pagkaing ipamamahagi
- Huwag magsalita ng malakas ang boses

Maaaring may mga pagkakataong ikaw ay maguguluhan dahil ang pamumuhay sa “evacuation center” ay iba sa pamantayan ng iyong relihiyon at sa iyong nakasanayang pamamaraan ng pamumuhay. Kung sakaling may mga bagay na hindi alam o kaya naman ay hindi kayang gawin, makabubuting magtanong o humingi ng tulong sa mga tao sa paligid.

Alamin ang lokasyon ng “evacuation center” sa iyong komunidad.
Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa ahensiyang nakatalaga sa siyudad/munisipalidad na iyong tinitirahan.

佐賀市 危機管理防災課 Saga kikikanri-bousai-ka ☎ 0952-40-7013	小城市 防災対策課 Ogi bousai-taisaku-ka ☎ 0952-37-6119	玄海町 防災安全課 Genkai bousai-anzen-ka ☎ 0955-52-2115
唐津市 危機管理防災課 Karatsu kikikanri-bousai-ka ☎ 0955-72-9260	嬉野市 総務課 Ureshino soumu-ka ☎ 0954-66-9111	有田町 総務課 Arita soumu-ka ☎ 0955-46-2111
鳥栖市 総務課 Tosu soumu-ka ☎ 0942-85-3506	神埼市 防災危機管理課 Kanzaki bousai-kikikanri-ka ☎ 0952-52-1111	大町町 総務課 Omachi soumu-ka ☎ 0952-82-3111
多久市 防災安全課 Taku bousai-anzen-ka ☎ 0952-75-2181	吉野ヶ里町 総務課 Yoshinogari soumu-ka ☎ 0952-37-0330	江北町 総務政策課 Kouhoku soumu-seisaku-ka ☎ 0952-86-2111
伊万里市 防災危機管理課 Imari bousai-kikikanri-ka ☎ 0955-23-2130	基山町 総務課 Kiyama soumu-ka ☎ 0942-92-7915	白石町 総務課 Shiroishi soumu-ka ☎ 0952-84-7111
武雄市 防災・減災課 Takeo bousai-gensai-ka ☎ 0954-23-9223	上峰町 総務課 Kamimine soumu-ka ☎ 0952-52-2181	太良町 総務課 Tara soumu-ka ☎ 0954-67-0129
鹿島市 総務課 Kashima soumu-ka ☎ 0954-63-2112	みやき町 総務課 Miyaki soumu-ka ☎ 0942-89-1651	

Listahan ng mga Dapat Dalhin sa Oras ng “Emergency”
Gawing gabay ang listahan sa ibaba at maghanda ng mga kakailanganin sa loob ng 3 araw.

Mahalagang maging handa palagi!

tubig, pagkain

・biskwit, de-latang pagkain, mga pagkaing hindi na kailangang lutuin bago kainin
・mga pagkaing mataas ang “calorie”/ kalori tulad ng tsokolate at biskwit
・3 litrong tubig inumin para sa maghapon sa kada 1 tao

mga gamit na kakailanganin sa oras ng “emergency”

・“emergency kit”
・mga gamot na palaging iniinom/ “maintenance” na gamot

radyo, “flashlight”

・radyo na nakakasagap ng FM/AM na “signal”
・“flashlight”(hangga’t maaari 1 “flashlight” para sa 1 tao)
・“battery”/ batirya

damit, mga bagay na ginagamit sa pang-araw- araw na pamumuhay

・“underwear,” pang-ginaw, medyas, bimpo, sapatos, mga gamit sa pagsusulat (“ballpen,” lapis, atbp.), pananamit sa tag-ulan (bota, kapote, atbp.), “tissue paper” na pangbanyo, *gunte* (guwantes na gawa sa tela) “toiletries” (sabon, sipilyo, atbp.), “disposable” na *kairo* (gamit pampainit ng katawan), posporo, “lighter,” kandila, “helmet,” sumbrero, atbp.

pera, “stamp”/ *hanko*, “bank book”

・pera (pati barya), “stamp”/ *hanko*, “bank book,” “ATM card”

“passport,” “residence card”

・“passport,” “residence card,” atbp.

“cellphone”

・“cellphone” at “charger”

atbp

・“powder” na gatas para sa sanggol, bote ng gatas, “diaper,” *boshi techo* (“mother and child handbook”)
・“diaper” na pangmatanda, mga gamit sa pag-aalaga, gamot, atbp.
・pasador/ “sanitary napkin”
・“plastic bag,” banig, “aluminum foil,” dyaryo, “packing tape,” atbp.